# Mga Karapatan ng Mag-aaral
# Relihiyon at Gawaing Panrelihiyon

Ipinagbabawal ng mga batas ng karapatang sibil ang diskriminasyon at panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon batay sa relihiyon sa mga pampublikong paaralan ng K-12.

> Ang **diskriminasyon** ay ang hindi makatarungan o hindi patas na pakikitungo o panggugulo sa tao o grupo dahil sila ay bahagi ng isang tiniyak na grupo, na kilala bilang isang protektadong klase. **Ang relihiyon at paniniwala** ay mga protektadong klase sa ilalim ng batas ng Washington.[1]
>
> Ang **panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon** ay panggugulo na batay sa **protektadong klase**. Maaari itong magkaroon ng maraming anyo, tulad ng mga pagbabanta, pagtatawag ng palayaw na hindi maganda, mga pagbibiro/panunukso na mapanlait, pisikal na pananakit, o iba pang pag-uugali na pisikal na nagbabanta, nakakasakit, o nakakapahiya/nanghahamak.

## Proteksyon mula sa Diskriminasyon Batay sa Relihiyon

Ang mga pampublikong paaralan ay dapat magprotekta sa mga mag-aaral mula sa diskriminasyon at panggugulo batay sa relihiyon—kasama na ang diskriminasyon at panggugulo batay sa relihiyosong pinagmulan, mga paniniwala, pananamit, at pagpapahayag ng mag-aaral. Ang relihiyon at kredo (creed) ay mga protektadong uri (protected classes) sa ilalim ng batas ng Washington.

### Mga Akomodasyon sa Relihiyon

Ipinagbabawal ng **Unang Susog (First Amendment)** sa Konstitusyon ng U.S. ang pamahalaan na magtatag ng relihiyon at pinoprotektahan nito ang pagsasagawa at pagpapahayag ng relihiyon mula sa hindi nararapat na pakikialam at diskriminasyon ng pamahalaan.

Ang mga pampublikong paaralan ay dapat magsagawa ng mga makatuwirang hakbang upang mabigyang akomodasyon ang mga panrelihiyong paniniwala o gawain ng mag-aaral, maliban kung ang akomodasyon ay magdudulot ng isang hindi nararapat na paghihirap (undue hardship). Ang "undue hardship" ay isang katawagan na nangangahulugang ang akomodasyon ay magastos, nakokompromiso ang kaligtasan, o lumalabag sa mga karapatan ng ibang mga mag-aaral o empleyado.

Maaaring kabilang sa mga panrelihiyong akomodasyon ang:

- Pagpapahintulot sa pagliban para sa mga panrelihiyong selebrasyon o aktibidad
- Pagbibigay ng alternatibong mga gawaing-bahay na may katulad na layuning pampagkatuto
- Pag-alis sa mga panuntunan sa pananamit o uniporme na sumasalungat sa panrelihiyong paniniwala o gawain ng mag-aaral. Halimbawa, maaaring hindi ipatupad ng paaralan ang isang tuntunin upang pahintulutan ang mag-aaral na magsuot ng takip sa ulo, alahas, relihiyosong bagay, balbas, o takdang haba ng buhok.

[1] Kabanata 28A.642 RCW, http://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=28A.642. Kabanata 28A.640 RCW, http://apps.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=28A.640. Kabanata 49.60 RCW, http://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=49.60.

# Relihiyon at Gawaing Panrelihiyon

**Nakalabas na oras para sa Instruksyong Panrelihiyon (Released Time for Religious Instruction - RTRI)**
Sa ilang komunidad, may opsyon ang mga mag-aaral na lumahok sa Nakalabas na Oras para sa Instruksyong Panrelihiyon (Released Time for Religious Instruction - RTRI). Ang desisyon na lumahok ay ginagawa sa lokal na antas, alinsunod sa mga patakaran ng lokal na distrito ng paaralan.

Pinahihintulutan ang mga distrito ng paaralan, ngunit hindi kinakailangan, na payagan ang mga mag-aaral na lumahok sa mga programa ng RTRI. Bagama't ang mga programang ito ay karaniwang nagaganap sa oras ng paaralan, ang mga ito ay idinaraos sa oras na walang instruksyon (non-instructional time); nagtatagpo sa labas ng bakuran ng paaralan; nangangailangan ng pahintulot ng magulang para upang makaalis ang mag-aaral sa paaralan (sa ilalim ng pangangasiwa ng ibang mga nasa hustong gulang); at tumatakbo nang walang pondo mula sa paaralan. Dapat sundin ng mga distrito ng paaralan ang kanilang mga lokal na patakaran tungkol sa pagdalo ng mag-aaral at pag-alis o pagpapalabas ng mga mag-aaral mula sa paaralan.

Bagama't hindi maaaring magdiskrimina ang mga distrito ng paaralan batay sa relihiyon, ang mga distrito ay hindi obligadong tiyakin na ang mga organisasyon ng release-time ay may access sa mga mag-aaral.

Kung naniniwala ang sinuman na may nagaganap na panggugulo o diskriminasyon batay sa relihiyon sa mga paaralan na may kaugnayan sa mga programa ng RTRI—halimbawa, gawi ng pambu-bully na may kaugnayan sa paglahok o hindi paglahok ng isang mag-aaral sa programa—maaari silang maghain ng reklamo sa kanilang distrito ng paaralan. Ang impormasyon tungkol sa prosesong ito ay makukuha sa webpage ng OSPI na Mga Reklamo at Alalahanin tungkol sa Diskriminasyon (Complaints & Concerns about Discrimination).

## Diskriminatoryong Panggugulo Batay sa Relihiyon

Ang panggugulo batay sa relihiyon ay isang uri ng diskriminasyon na ipinagbabawal sa mga pampublikong paaralan ng Washington. Ang mga paaralan ay dapat na magsagawa ng mga hakbang para protektahan ang mga mag-aaral mula sa panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon.

Dapat imbestigahan ng mga tauhan (staff) ng paaralan ang posibleng panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon—sa sandaling alam na nila o makatuwirang dapat alam—kahit na ang magulang o mag-aaral ay hindi nagsasampa ng isang pormal na reklamo.

Kung ipinapakita sa isang imbestigasyon na ang mapanggulo na pag-uugali ay lumikha ng isang mapanganib o hindi ligtas na kapaligiran, kailangang kumilos agad ang mga tauhan para mapahinto ang pag-uugali at tapusin ang mapanganib o hindi ligtas na kapaligiran.
Ang paaralan ay dapat na:

1. Tugunan ang anumang mga epekto ng panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon sa mag-aaral sa paaralan, **AT**
2. Tiyakin na ang mapanirang pag-uugali ay hindi na mauulit

Maghanap ng higit pang impormasyon tungkol sa panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon, mga patnubay para sa patakaran at pamamalakad ng distrito, at mga kaugnay na mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon sa www.k12.wa.us/equity.

# Relihiyon at Gawaing Panrelihiyon

## Panrelihiyon na Pagpapahayag sa Paaralan

Ang Unang Susog ng Konstitusyon ng Estados Unidos ay nagproprotekta sa mga karapatan ng mag-aaral sa kalayaan ng relihiyon at kalayaan ng pagpapahayag.

Ang mga mag-aaral na piniling ipahayag ang kanilang panrelihiyon na paniniwala sa paaralan ay pinapahintulutan na:

- Ipahayag ang mga paniniwalang iyon sa paaralan, sa gawaing-bahay na liksiyon sa paaralan, at mga takdang gawain sa paaralan
- Magdasal o mag-aral ng mga panrelihiyon na dokumento habang recess, tanghalian, at iba pang panahon na walang klase, tulad ng bago at pagkatapos ng pasok sa paaralan
- Magdasal o pag-usapan ang relihiyon sa iba pang mga mag-aaral habang araw na may pasok sa parehong paraan na ang mga mag-aaral ay maaaring ma-engganyo na sumali sa usapan ang ibang mga mag-aaral, hangga't hindi ito nakakasagabal at hindi nito nalalabag ang mga karapatan ng iba pang mga mag-aaral

## Mga Karaniwang Kapistahang Panrelihiyon (Common Religious Holidays)

Maraming mag-aaral ang lumiliban sa paaralan at sa mga mahahalagang kaganapan sa paaralan upang bigyang-halaga ang kanilang mga panrelihiyong gawain. Dahil dito, hinihikayat ng OSPI ang mga distrito na huwag magtakda ng mga mahahalagang kaganapan sa paaralan sa mga pangunahing kapistahang panrelihiyon. Ang mga paaralan na nagpaplano nang isinasaalang-alang ang mga pangunahing kapistahang panrelihiyon ay nagpapahayag sa lahat ng mga mag-aaral na sila ay mahalagang bahagi ng kanilang mga komunidad sa paaralan at ang kanilang mga tradisyong panrelihiyon ay may kabuluhan.

Mga Kalendaryo ng Karaniwang Kapistahang Panrelihiyon at Pampublikong Pagdiriwang (Common Religious and Public Holidays Calendars)

## Pagtuturo tungkol sa Relihiyon

Ipinagbabawal ng Konstitusyon ng Estados Unidos sa mga pampublikong paaralan na i-endorso o mas piliin ang isang relihiyon kumpara sa iba at sa pag-eendorso ng relihiyon kumpara sa hindi-relihiyon.

**Walang pinapanigan. Obhetibo. Balanse.**
Ang mga pampublikong paaralan ay pinapahintulutan na turuan ang mga mag-aaral tungkol sa mga relihiyon sa mundo basta't ang pagtuturo na ito ay may layunin na magturo, tulad ng tungkulin ng relihiyon sa kasaysayan at lipunan. Dapat ilahad ng mga guro ang materyales sa paraang walang pinapanigan, obhetibo, at balanse.

Sa pangkalahatan, ang mga pampublikong paaralan ay pinapahintulutan na gumamit ng musika, sining, drama, o literatura na may panrelihiyon na mga paksa. Halimbawa, ang mga mag-aaral ay maaaring magpatugtog ng mga panrelihiyon na musika bilang bahagi ng pag-aaral ng musika at kasaysayan nito. Gayunman, ang mga paaralan ay hindi dapat gamitin ang nasabing musika para itaguyod ang relihiyon.

# Relihiyon at Gawaing Panrelihiyon

Hindi dapat ipilit o itaguyod ng mga pampublikong paaralan ang mga paniniwala sa relihiyon. Ang mga empleyado ng pampublikong paaralan, kasama na ang mga tagasanay (coach), ay hindi pinapahintulutan na magpasimula ng mga dasal o hikayatin na magdasal ang mga mag-aaral. Ang mga empleyado ng paaralan ay hindi dapat manghikayat o mag-anyaya sa mga mag-aaral na lumahok, o umiwas, sa mga relihiyosong aktibidad.

## Paglutas sa mga Alalahanin o Hindi Pagkakasunduan

Isang talakayan sa punong-guro (principal) ng inyong paaralan o sa tagapag-ugnay ng pagsunod sa mga karapatang sibil sa distrito (civil rights compliance coordinator) ng paaralan, ay madalas na pinakamabuting unang hakbang para matugunan ang inyong mga alalahanin o hindi pagkakasunduan tungkol sa diskriminasyon, at makahanap ng solusyon.

- **Pagtuunan ng pansin ang mga katotohanan** na may kaugnayan sa diskriminasyon at panggugulo, ayon sa inyong pagkaunawa, AT
- Ipagbigay-alam sa punong-guro o tagapag-ugnay kung **ano ang nais ninyong gawin nila para malutas ang problema**

Hanapin ang impormasyon para sa pakikipag-ugnayan sa inyong tagapag-ugnay ng pagsunod sa mga karapatang sibil sa distrito (civil rights compliance coordinator) dito www.k12.wa.us/Equity/ContactList.aspx. Mayroon rin kayong opsyon na magsampa ng isang pormal na reklamo.

## Mga Pormal na Reklamo — Diskriminasyon at Panggugulo na Nagpapakita ng Diskriminasyon

Kung naniniwala kayong ang inyong anak ay nakakaranas ng diskriminasyon o  o diskriminatoryong panggugulo batay sa relihiyon o panrelihiyong gawain, maaari kayong magsampa ng pormal na reklamo.

- Sa website ng Pagkamatarungan at Mga Karapatang Sibil (Equity and Civil Rights) sa www.k12.wa.us/Equity/Families, makakahanap ng impormasyon kung paano makakapagsampa ng pormal na reklamo at sundin ang mga hakbang.
- Makipag-ugnayan sa Departamento ng Edukasyon ng U.S. (U.S. Department of Education), Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights sa 206-607-1600 (TDD: 1-800-877-8339), o bumisita sa website, www.ed.gov/ocr.
- Makipag-ugnayan sa Komisyon ng Mga Karapatang Pantao ng Estado ng Washington (Washington State Human Rights Commission) sa 1-800-233-3247 (TTY: 1-800-300-7525), o bumisita sa website, www.hum.wa.gov.

## Matuto ng Higit Pa. Magtanong. Humingi ng Tulong.

**Tanggapan ng Pagkakapantay-pantay at mga Karapatang Sibil sa Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Paaralan (Equity and Civil Rights Office sa Office of Superintendent of Public Instruction)**

360-725-6162 | TTY: 360-664-3631 | equity@k12.wa.us | www.k12.wa.us/equity

# Relihiyon at Gawaing Panrelihiyon

**Para sa Tagapag-ugnay ng Pagsunod sa mga Karapatang Sibil (Civil Rights Compliance Coordinator) sa inyong distrito, bumisita sa:**
www.k12.wa.us/Equity/ContactList.aspx

Makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa diskriminasyon at panggugulo batay sa relihiyon at kredo (creed), mga alituntunin para sa patakaran at pagsasagawa ng distrito, at mga kaugnay na mapagkukunan sa www.k12.wa.us/Equity/ReligionInSchools/default.aspx.

## Gabay na Pederal (Federal Guidance)

Gabay sa Panalangin at Pagpapahayag ng Relihiyon na Pinoprotektahan ng Konstitusyon sa mga Pampublikong Paaralang Elementarya at Sekundarya (Guidance on Constitutionally Protected Prayer and Religious Expression in Public Elementary and Secondary Schools – U.S. Department of Education)

Panalangin at Pagpapahayag ng Relihiyon sa mga Pampublikong Paaralan: Mga Madalas Itanong (Prayer and Religious Expression at Public Schools: FAQ – U.S. Department of Education)

Ibinahaging Ninuno o mga Katangiang Etniko (Shared Ancestry or Ethnic Characteristics – OCR)

Ang dokumentong ito ay nagbabalangkas sa mga karapatan at mga responsibilidad sa ilalim ng mga batas sa karapatang sibil/pangmamamayan ng estado at pederal. Maaari kayong magkaroon ng mga karagdagang karapatan sa ilalim ng iba pang mga batas. Ang impormasyong ito ay para sa pagbibigay impormasyon lamang—hindi para magbigay ng legal na payo. Para sa legal na payo na tiyak sa mga katotohanan at pangyayari ng inyong indibiduwal na situwasyon, mangyari lang makipag-ugnayan sa isang abogado.

*Nagbibigay ang OSPI ng patas na access sa lahat ng mga programa at serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, pananampalataya, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, katayuang beterano o militar na marangal na inalis sa katungkulan, sekswal na oryentasyon kabilang ang pagpapahayag ng kasarian o pagkakakilanlan, ang pagkakaroon ng anumang kapansanang sensory, pangkaisipan o pisikal, o ang paggamit ng sinanay na gabay na aso o hayop na nagseserbisyo ng isang taong may kapansanan. Ang mga tanong at reklamo ng pinaghihinalaang diskriminasyon ay madidirekta sa Equity and Civil Rights Director, (360) 725-6162 o P.O. Box 47200; Olympia, WA 98504.*